



NDIS Quality  
and Safeguards  
Commission



NDIS  
WORKER  
SCREENING

## NDIS Worker Screening Check: Ang kailangang malaman ng mga kasali na nangangasiwa sa sarili

Ang NDIS Worker Screening Check (Pagtatasa sa Manggagawa) ay magsisimula sa ika-1 ng Pebrero 2021 sa lahat ng mga estado at teritoryo maliban sa Northern Territory.

Ang Worker Screening Check ay magsisimula sa Northern Territory at hindi lalampas sa ika-1 ng Hulyo 2021.

Ang fact sheet na ito ay nagpapaliwanag kung ano ang worker screening, at kung paano magiging kapaki-pakinabang sa iyo ang Worker Screening Check.

Upang matulungan ka na maunawaan ang ilan sa mga termino na ginagamit namin, mayroon kaming isang [listahan sa aming website](#).

### Ano ang worker screening?

Worker screening ay isang paraan ng pag-check sa mga manggagawa ng NDIS upang makatulong na matiyak na hindi sila maaaring nagdudulot ng mataas na panganib ng pinsala sa mga taong may kapansanan at mga malapit nilang katrabaho.

### Ano ang Worker Screening Check?

Mula sa ika-1 ng Pebrero 2021, ang Worker Screening Check ay gagamitin para sa sinumang manggagawa ng NDIS na nagtatrabaho sa ilang mga tungkulin na mataas ang panganib (ilang mga tungkulin).

Ang ibig sabihin nito ay sa paglipas ng panahon, ang mga manggagawa ng NDIS ay matatasa sa parehong paraan sa lahat ng estado at teritoryo.

Ang Worker Screening Check ay tutukoy kung ang isang tao ay pinapayagan o hindi pinahihintulutan na makapagtrabaho sa ilang mga tungkulin sa mga taong may kapansanan.

Ang Worker Screening Check ay isasagawa ng Worker Screening Unit (WSU) sa estado o teritoryo kung saan mag-aapply ang isang tao. Ang WSU din ang siyang magpapasya sa kung ang isang tao ay o hindi pinahihintulutan. Ang mga nakarehistrong tagapagbigay ng NDIS ay kinakailangang matiyak ha nakikipag-ugnayan lamang sila sa mga manggagawa na na-clear sa ilang mga tungkulin.

Ang worker screening ay isa lamang sa mga saklaw ng mga pangailangan ng mga tagapagbigay ng NDIS upang mabawasan ang panganib ng pinsala sa mga taong may kapansanan.

### Sino ang kailangang magkaroon ng isang Worker Screening Check?

Mula sa 1 Pebrero 2021, ang Worker Screening Check ay papalit sa lahat ng prosesong pagtatasa sa lahat ng mga manggagawa ng NDIS sa lahat ng estado at teritoryo. Ibig sabihin nito na sa kalaunan ang lahat ng mga manggagawa ng NDIS sa Australia na nagtatrabaho sa mga nakarehistrong tagapagbigay ng NDIS sa [ilang mga tungkulin](#) ay mai-screen gamit ang magkaparehong pamantayan.

Ito ang mga tungkulin na:

- may direktang pakikipag-ugnay sa mga taong may kapansanan
- gumawa ng mga desisyon sa organisasyon
- magbigay ng ilang uri ng mga suporta o serbisyo ng NDIS. Hindi ito tumutukoy sa lahat ng mga suporta at serbisyo ng NDIS. Maaari kang makahanap ng isan listahan ng [mga suporta at serbisyo ng NDIS](#) kung saan dapat matatasa ang mga manggagawa sa NDIS Quality and Safeguards Commission's (NDIS Commission) website.



NDIS Quality  
and Safeguards  
Commission



NDIS  
WORKER  
SCREENING

Kailangang tiyakin ng mga nakarehistrong tagapagbigay ng NDIS na ang mga manggagawa sa ilang mga tungkulin ay mayroong isang NDIS Worker Screening clearance.

## Ano ang gagawin ng WSU?

Ang WSU ay titingin sa kriminal at kasaysayan ng trabaho ng mga taong nag-aplay para sa isang Worker Screening Check upang malaman kung nakagawa sila ng ilang mga krimen o gumawa ng iba pang mga bagay na nangangahulugang hindi sila dapat magtrabaho kasama ang mga kalahok ng NDIS. Ang WSU ay gagawa ng mga desisyon tungkol sa mga aplikasyon ng Worker Screening Check.

Kung nagpasya ang WSU na ang isang tao ay maaaring magtrabaho kasama ang mga kalahok ng NDIS, ang taong iyon ay magkakaroon ng isang NDIS Worker Screening clearance. Kung nagpasya ang WSU na ang isang tao ay hindi dapat magtrabaho kasama ang mga kalahok ng NDIS sa ilang mga tungkulin, siya ay bibigyan ng isang NDIS Worker Screening exclusion (di-kasali).

## Gaano katagal na may bisa ang NDIS Worker Screening clearance?

Ang mga manggagawa na may isang NDIS Worker Screening clearance ay napapailalim sa nagpapatuloy na pagmamanman kaagapay ang pulisya at iba pang mga nauugnay na impormasyon.

Ibig sabihin nito na ang katayuan ng kanilang NDIS Worker Screening clearance ay maaaring muling masuri kung ang isang WSU o ang NDIS Quality and Safeguards Commission (NDIS Commission) ay makatanggap ng bago o na-update na impormasyon na nagpapahiwatig na maaaring magdulot ng panganib sa mga taong may kapansanan. Kung mangyari ito, maaari silang hindi pahihintulutan na magkaroon ng isang NDIS Worker Screening clearance bago mawalang-bisa ang kanilang umiiral na NDIS Worker Screening clearance.

Ang mga NDIS Worker Screening clearance ay nagwawakas bawat limang (5) taon.

## Kailan mag-aplay ang mga manggagawa sa NDIS para sa isang Worker Screening Check?

Kung ang mga manggagawa ay mayroon nang wastong [katanggap-tanggap na pagsusuri ng estado o teritoryo](#) mula bago ika-1 ng Pebrero 2021 (o hindi lalampas sa ika-1 ng Hulyo 2021 sa Northern Territory), maaari nila itong magamit hanggang sa magwakas ito o para sa panahon na pinapayagan ng pamahalaan ng estado or teritoryo.

Ibig sabihin nito na para sa isang panahon, ang mga manggagawa na nagtatrabaho sa mga rehistradong tagapagbigay ng NDIS sa ilang mga tungkulin ay may hawak na **alinman** na katanggap-tanggap na pagsusuri (acceptable check) o isang NDIS Worker Screening clearance.

Kapag nagwakas na ang katanggap-tanggap na pagsusuri (acceptable check), o kapag ang panahon ay tapos na, ang katanggap-tanggap na pagsusuri ay wala nang bisa. Pagkatapos ng panahon na iyon, kung nais ng mga manggagawa na manatiling nagtatrabaho sa ilang mga tungkulin sa isang nakarehistrong tagapagbigay ng NDIS, kailangan nilang kumuha ng isang NDIS Worker Screening clearance.

Sa kalaunan, kapag ang lahat ng mga katanggap-tanggap na pagsusuri ay wala nang bisa, lahat ng mga manggagawa na nagtatrabaho sa rehistradong tagapagbigay ng NDIS sa ilang mga tungkulin ay kailangang magkaroon ng isang NDIS Worker Screening clearance.

Mula sa ika-1 ng Pebrero 2021 (o mula sa ika-1 ng Hulyo 2021 o sa araw na handa na ang WSU sa Northern Territory), ang mga bagong manggagawa sa ilang mga tungkulin sa mga nakarehistrong tagapagbigay ng NDIS ay dapat na mag-aplay para sa isang NDIS Worker Screening clearance kung sila ay wala pa, o mayroong isang wastong katanggap-tanggap na pagsusuri (valid acceptable check).



NDIS Quality  
and Safeguards  
Commission



NDIS  
WORKER  
SCREENING

Kailangan ba ng isang Worker Screening Check ang mga manggagawa ng NDIS ng mga hindi nakarehistrong tagapagbigay ng NDIS?

Kapag gumagamit ka ng mga hindi nakarehistrong tagapagbigay para sa ilan o lahat ng iyong plano sa NDIS, maaari kang pumili upang:

- tanungin ang iyong manggagawa na sabihin sa iyo kung mayroon silang isang wastong [katanggap-tanggap na pagsusuri ng estado o teritoryo](#) o isang NDIS Worker Screening clearance
- hilingin sa iyong manggagawa na kumuha ng isang NDIS Worker Screening Check clearance
- hindi gagamit ng mga hindi nakarehistrong tagapagbigay kung wala silang wastong katanggap-tanggap na pagsusuri o isang NDIS Worker Screening clearance.

Kasama rito ang mga manggagawa na mayroong Australian Business Number (ABN) (para sa nag-iisang mangangalakal).

Maaari mo ring sabihin sa iyong hindi nakarehistrong tagapagbigay na nais mo lamang na magkaroon ng mga suporta at serbisyo ng NDIS na ibinibigay nila na maihatid ng isang manggagawa na may wastong katanggap-tanggap na pagsusuri ng estado o teritoryo o isang NDIS Worker Screening Check clearance.

## Mahalagang mga bagay na dapat tandaan

- Kung nakatanggap ka ng [ilang mga suporta o serbisyo ng NDIS](#) mula sa isang rehistradong tagapagbigay ng NDIS, ang kanilang mga manggagawa ay **dapat** magkaroon ng isang katanggap-tanggap na pagsusuri o isang NDIS Worker Screening clearance. Ito ang batas. Kasama rito ang mga pansuportang serbisyo sa pag-aasal (behaviour), at mga natatanging tirahan ng mga may kapansanan.
- Kung ang iyong manggagawa sa NDIS ay nagtatrabaho sa isang nakarehistrong tagapagbigay ng NDIS sa [ilang mga tungkulin \(certain roles\)](#), **kailangan** nilang mayroong isang katanggap-tanggap na pagsusuri o isang NDIS Worker Screening clearance.
- Kung ang iyong manggagawa ng NDIS ay mayroon nang wastong [katanggap-tanggap na pagsusuri ng estado o teritoryo](#), hindi na nila kailangang kumuha ng isang Worker Screening Check kaagad mula ika-1 ng Pebrero 2021 (o mula ika-1 ng Hulyo 2021 sa Northern Territory).
- Kung pinangangasiwaan mo ang iyong plano, ang mga hindi nakarehistrong tagapagbigay ng NDIS at ang kanilang mga manggagawa ay hindi kinakailangang magkaroon ng isang katanggap-tanggap na pagsusuri o isang a Worker Screening Check **maliban kung nais mong makakuha sila ng isa.**